

Polyeto ng Pag-iwas sa Sakuna para sa mga Dayuhang Mamamayan (Tagalog)

Ang polyetong ito na tungkol sa pag-iwas sa sakuna ay ginawa rin sa wikang [Ingles, Intsik, Koreano at Hapon].

Ang polyetong ito tungkol sa pag-iwas sa sakuna ay makikita rin sa homepage ng Miyazaki International Foundation. (<http://www.mif.or.jp>) Maaari rin itong ma-imprenta mula sa homepage.



Ang isa-isip sa panahon na magkaroon ng sakuna ay [ang mangangalaga sa iyong sarili ay iyong sarili rin].

Masagana ang kalikasan ng Bansang Hapon at sa ating tinitirahang Prepektura ng Miyazaki. Sa kabilang panig naman, ito rin ay isang lugar na paulit-ulit na nagaganap ang iba't-ibang mga likas na sakuna.

Mahalaga na laging maging handa sa sakuna, magkaroon ng kaugnayan sa mga tao sa paligid at alam ang mga patakaran ng Miyazaki tungkol sa pangaraw-araw na pamumuhay. Sa mga nangyaring nang sakuna, maraming taong natulungan ng mga tao sa paligid nila.

Ang mga nakasulat sa polyeto ng pag-iwas sa sakunang ito ay ang mga kailangang isagawang mga hakbang at mga impormasyon na dapat malaman sa panahon na magkaroong ng sakuna. Siyasatin ng sarili o magtanong sa mga tao sa paligid kapag may hindi maintindihan o may mga bagay na nais pang malaman ng mas detalyado.

Ipaalam na kayo at ligtas

Mahalaga na matugunan ng kalmado ang kalagayan ng sakuna. Laging dalhin ang numero ng telepono ng embahada o konsulado ng inyong bansa. Pag-isipan din kung paano makakapag-charge kapag nawalan ng elektrisidad at kung paano makaka-tawag.

Mahirap gumamit ng telepono sa mga lugar na may malaking sakunang nangyari, may mga panahon na walang koneksyon ang telepono. Sa ganitong kalagayan, ang sumusunod ay ang magagamit na mga paraan upang mapaalam ninyo sa mga taong mahalagang sa inyo sa labas ng bansa na kayo ay ligtas.

Dayal mensahe sa panahon ng sakuna [Ipaalam sa pamamagitan ng inyong boses]

- Sa loob lamang ng bansa
- Pay phone, telepono, celfone, PHS

<Sa panahon ng sakuna, ang pay phone ang inuuna kaya madaling magkaroon ng koneksyon>

Ito ay mensahe sa inyong boses upang ipaalam kung kayo ay ligtas sa panahon na nagkaroon ng malaking sakuna. Magagamit ito para sa loob ng bansa lamang.



Pag-rekord ng mensahe

171 → 1 → numero ng sariling telepono → sabihin ang mensahe

Pakinggan ang mga mensahe

171 → 2 → numero ng telepono ng taong nais pakinggan
→ pakinggan ang mensahe

* Hanggang 10 mensahe lamang ang maaaring i-rekord.

* Ang haba ng mensahe ay hanggang 30 segundo lamang

* Ang mensahe ay hindi buburahin hanggang 48 oras

Mensahe sa panahon ng sakuna [Ipaalam sa pamamagitan ng mensaheng nakasulat]

- Maaaring mabasa ang mensahe sa ibang bansa.
- Message board sa panahon ng sakuna (web 171) para sa wikang Ingles, Koreano at Intsik <https://www.web171.jp>
- Kapag nagkaroon ng lindol na ang lakas ay mula sa mahinang 6, magagamit ang [mensahe sa panahon ng sakuna] ng sumusunod na mga kumpanya ng celfone.



Maaaring magrehistro sa website ng [Message board sa panahon ng sakuna] ng celfone

NTTdocomo <http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi>

SoftBank <http://dengon.softbank.ne.jp/J>

au <http://dengon.ezweb.ne.jp/>

WILLCOM <http://dengon.willcom-inc.com/dengon/Top.do>

EMOBILE <http://dengon.emnet.ne.jp/>



NTTdocomo



SoftBank



au



WILLCOM



EMOBILE

May software application para sa mga smart phones.


Isulat lamang ang inyong mensahe, atbp, makikita ito ng ibang tao at malalaman na kayo ay ligtas.

Maaari ring makita ito sa computer sa ibang bansa sa website ng bawat kumpanya at malalaman na kayo ay ligtas. May mga kumpanya na maaaring magamit sa wikang Hapon at Ingles. May kumpanya ring nakikipag-ugnay sa person finder ng Google. Ang uri ng serbisyong binibigay ay naiiba sa bawat kumpanya. Tignan lamang kung anong uring serbisyo ng [Message board sa panahon ng sakuna] ang binibigay ng kumpanya ng inyong celfone.

* Maaaring masubukan ang serbisyong [Dayal mensahe sa panahon ng sakuna] at [Message board sa panahon ng sakuna] tuwing 1 at 15 araw ng bawat buwan, unang araw ng Enero~ ika -3ng Enero, Linggo ng Pag-iwas sa Sakuna (Agosto 30 ~ Setyembre 5), at sa Linggo ng Pag-iwas sa Sakuna at Boluntaryo (Enero 15 ~ Enero 21).

Silungan

Sa panahon na nagkaroon ng malaking sakuna, ang mga taong mapanganig na manatili sa kanilang bahay o mga taong walang matirahan dahin nasira ang kanilang bahay ay maaaring tumira ng pansamantala sa mga [silungan (lugar na mapupuntahan upang sumilong)]



Bago tumungo sa silungan, patayin ang gas at ibaba ang breaker ng elektrisidad.

Dalhin ang inihandang mga gamit pang-emerhensya.

Tignan sa pahina ④ [Ihanda lamang] ang mga bagay na dadalhin.

- Libreng magagamit ng sinuman.
- Tiyaikin ang lugar ng silungan na pinakamalapit sa inyo. Meron silungan ang bawat pook.
- Ang sapatos ay hinuhubad sa silungan.
- Makakagamit ng kubeta sa silungan.
- Maaari ring matulog.
- May pagkakataong makakatanggap kayo ng tubig, pagkain at kumot. Ngunit ang matatanggap na bagay, ang dami ng matatanggap at ang oras ng pagbigay ay limitado, kaya sumunod lamang sa ibibigay na mga patnubay na utos.
- Makakakuha rin ng mga impormasyon. Pakinggan lamang ang mga tamang pabatid mula sa munisipyo.
- May mga patakaran sa pagtapon ng basura kaya alamin lamang kung ano ang mga ito.
- Maraming tao ang gumagamit kaya tiyakin kung papaano gagamitin ang mga pasilidad ng silungan.
- Mag-ingat lamang na hindi maka-abala sa mga tao sa paligid.
- Magtanong sa mga tao sa paligid kapag may hindi maintindihan, at sumangguni lamang kapag may hindi magawa.
- Sumali lamang sa pamamahala ng silungan. Makipagtulungan sa lahat.
- Pag-ingatan ang kalusugan habang nasa silungan. Matulog ng sapat, siguraduhin na sariwa ang hangin sa loob ng silungan at mag-ingat na hindi masaktan. Mag-ingat din sa hyperthermia, economy class syndrome at sa mga nakakahawang sakit (tulad ng sipon).




Ang kalagayan ng silungan ng pagputok ng bulkang Shinmoedake noong Enero 2011 (mula sa homepage ng munisipyo ng bayan ng Takaharu)




Ihanda lamang

Sinasabi na ang 72 oras mula mangyari ang isang malaking sakuna ay napahalagang oras upang makaligtas ng buhay. Bago magkaroon ng malaking sakuna, laging ihanda ang mga bagay na kailangan. Nawawalan ng elektrisidad, tubig at gas sa panahon ng malaking sakuna.

Mga bagay na dadalhin sa oras na sumilong (tumakas)



□plaslait



□tubig
3 500cc na pet bottle



□pagkain
ihanda rin ang pagkain ng mga taong kailangan ng di-pankarniwang pagkain dahil sa relihiyon o allergy atbp.




□maliit na sheet na malalatag upang upuan
tulad ng flat sheet



□Resident Card



□pasaporte



□medical insurance certificate



□bankbook selyo ng pangalan



□pera
lalo na ang ¥10 na magagamit sa pagtawag sa maybaya na telepono




□plaster



□wet tissue



□gamot
ang laging iniinom



□guwantes




□lumang diyaryo
mga 2~3 araw na diyaryo




□sinelas



□pampainit



□tuwalya




□sipol



□buzzer pang-iwas sa krimen



□kapote



□payong malaki



□damit panloob medyas




□malaking panyo



□helmet

Mga bagay na laging ihanda



□tubig
para sa 3 araw: 2L pet bottle
para sa 1 tao



□pagkain pang-emerhensya delata
lutong pagkain na nakabalot sa supot na naiinit
ang hindi kailangan ng abre-lata




□kumot



□damit
ihanda lalo na ang mga size na hindi karaniwan



□radyo



□sapatos
ang sapatos na makapal ang talampakan ay nakakapangalaga sa inyong paa

Ang mga bagay na ito ay mabibili sa mga home centers o sa mga supermarkets.

Ang mga bagay na dapat ihanda ay naiiba kung kayo ay nakatira kasama ang inyong pamilya, kung nag-iisa kayong namumuhay, kung kasama ninyo ang inyong kaibigan na namumuhay, atbp. Maliban sa mga nakasulat sa itaas, pag-isipan kung anong mga bagay ang laging kinakailangan tulad ng gamot na regular na iniinom, at ihanda rin ang mga bagay na ito.

Mga bagay na maganda kung alam

1

Maraming mga binenentang malalaking panyo o tenugui (parang tuwalya na gawa sa cotton na tela) sa mga department stores or mga tindahan ng mga sari-saring bagay.

Kapag meron kayo kahit 1 piraso, madaling gamitin ito sa iba't-ibang situwasyon. Ito ay madaling magamit na bagay din sa araw-araw na pamumuhay.



bilang bendahe



bilang tornikete



bilang bandana



bilang maskara



bilang panala



bilang telang pambalot




bilang bandila

2

Ang cling wrap para sa pagkain ay magandang bagay din na laging mayroon sa araw-araw na pamumuhay. Maganda rin na mayroon nito sa oras ng sakuna.

Kung babalutin ang pinggan bago gamitin, hindi kailangan gumamit ng tubig upang hugasan ang pinggan at lagi itong malinis na magagamit sa pagkain.

Maaari ring itong gamitin sa halip ng bendahe upang patigilin ang pagdudugo kapag nasaktan. Maganda rin sa pagpapanatili ng kalinisan.



3

Sa oras ng malaking sakuna, mahirap makakuha ng mga pagkain. Kaya paghandaan ito. Maraming mga pagkain na maitatago ng matagal at marami ring mga luto na hindi kailangan ang apoy lutuin. Makikita ito sa internet o sa mga libro. Subukan ninyong magluto kasama ang inyong pamilya o mga kaibigan habang iniisip kung ano ang gagawin kapag hindi makagamit ng apoy o tubig.



4

Sa malaking sakuna, may pagkakataon na ang mga pinggan ay nababasag at walang magamit na pinggan sa oras ng pagkain. Sa ganitong kalagayan, ito ay magandang papel na pinggan. Maaaring magawa sa diyaryo o mga leaflets.

5

Sa oras ng lindol, mapanganib ang mga kasangkapan sa bahay. Tiyakin ang mga kasangkapan sa bahay ay hindi matutumba. Makakabili ng mga bagay na magagamit upang hindi matumba ang kasangkapan sa mga home centers o mga supermarkets.



5

Ang pagsali sa mga pagsasanay para sa pag-iwas sa sakuna, atbp, ay ang pagkaroon ng kaalaman upang mapangalagaan ang sarili

Sa mga bayan ng Prepaktura ng Miyazaki, may mga pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna na masasalihan ng mga tao ng bayan. May mga international exchange associations din na nagsasagawa ng pagsasanay na ito na maaaring masalihan ng mga dayuhang mamamayan.

Sumali sa pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna

Sa pagranas at pagsanay ng pagsasanay na ito, ang kakayahan sa [ang mangangalaga sa iyong sarili ay iyong sarili rin] ay magiging matatag. Sa pagsali sa mga pagsasanay na ito, magkakaroon kayo ng kaugnayan sa mga tao sa inyong bayan.



Sumali sa mga ginagawang kaganapan at mga piyesta ng bayan



Pinangalingan ng mga litrato: Miyazaki City International Association

Sa loob ng Prepaktura ng Miyazaki, maraming mga kaganapang ginagawa at mga piyesta sa mga bayan buwan-buwan. Kapag pumunta o sumali sa pagpapamahala, magkakaroon ng pagkakataong na makipagkaisa sa mga tao ng bayan, sa panahon na nagkaroon ng malaking sakuna, ito ay makakatulong kapag kayo ay gagawa ng anuman kasama nila.

May Samahan ng mga Bata, Samahan ng mga Residente, Samahan para sa Pag-iwas sa Sunog, International Exchange Association, gamitin ang inyong natatanging kakayahan at kakayahan sa wika, ang mga dayuhang mamamayan ay sumasali rin sa mga samahang ito.

Sangguniang hotline para sa pamumuhay

Hindi kailang ang bayad para sumangguni.

Sa Miyazaki International Foundation, maaari kayong sumangguni sa inyong wika tunkol sa mga bagay na kayo ay nahihirapan o mga suliranin sa pangaraw-araw na pamumuhay dahil sa hindi pagkakaintindihan sa wika. (Wikang Ingles / Koreano / Intsik / Pilipino / Portuges)

Ililihim ang inyong sangguni kaya huwag mag-alala, maluwag sa pusong tumawag lamang.



TEL. 0985-32-8457
URL: <http://www.mif.or.jp/>

Oras ng sangguni: Martes ~ Sabado 10:00~19:00
(Araw na sarado: Linggo, Lunes, opisyal na araw na walang pasok, Disyembre 29 ~ Enero 3)

Mga wikang Hapon na ginagamit sa panahon ng sakuna

自 分 の 名 前 j i b u n n o n a m a e	Sariling Pangalan	
住 所 j u s y o	T i r a h a n	
電 話 番 号 d e n w a b a n g o	T e l e p o n o	
生 年 月 日 s e i n e n g a p p i	K a a r a w a n	
国 籍 k o k u s e k i	N a s y o n a l i d a d	
在 留 資 格 z a i r y u s h i k a k u	U r i n g v i s a	
血 液 型 k e t u e k i g a t a	U r i n g d u g o	
大使館・領事館の連絡先 t a i s h i k a n r y o u j i k a n n o r e n k a s a k i	Impormasyon kung paano matatawagan ang embahada o konsulado	

Lindol (地震) j i s h i n		
tou 倒 kai 壊	Ang gusali atbp ay natumba at nasira	
ji 地 sube 滑 ri り	Ang lupa at mga bato sa matitirik na lugar ay dumadalusdos pababa	
ji 地 wa 割 re れ	Ang lupa ay nagkakalamat at nabibiyak	
kai 海 gan 岸	Ang lugar na nagtatagpo ang lupa at dagat	
tei 停 den 電	Hindi magamit ang elektrisidad	
dan 断 sui 水	Walang lumalabas na tubig	
ga 力 su 漏 mo 漏 re れ	May sumisingaw na gas sa tubo	
tachi 立 i r i k i n s h i 立ち入り禁止	Lugar na hindi maaaring pasukan o puntahan	
hu 復 kkyu 旧	Nagkaroon na muli ng elektrisidad / tubig / gas o umaandar na muli ang mga pampublikong transportasyon	

Bagyo (台風) t a i f u u	
taifugajorikusuru 台風が上陸する	Ang sentro ng bagyo ay darating na sa dalampasigan ng Hokkaido, Honshu, Shikoku o sa Kyushu
tai fu no shin ro 台風の進路	Ang patutunguhang daan ng bagyo
si し ke け	Lubhang maalon ang dagat dahil sa malakas na hangin
taka 高 shio 潮	Ang tubig sa dagat ay sobrang tumataas dahil sa malakas na hangin at sa pag-iba ng presyon sa kapaligiran na sanhi sa bagyo
ka sen no ha n ran 河川のはん濫	Umaapaw ang tubig sa ilog dahil sa malakas na ulan
ka sen no zou sui 河川の増水	Di-karaniwang pagtaas ang tubig ng ilog
tei bou no ke kkai 堤防の決壊	Nabibiyak at nasisira ang pilapil
ki 危 ken 険 sui 水 i 位	Ang taas ng tubig na sa palagay ay batayan upang tumakas na kapag tumataas ang tubig sa ilog bago ito umapaw
sin 浸 sui 水	Ang mga gamit ay nalulubog sa tubig, ang tubig ay pumapasok

Silungan (避難所) h i n a n j o		
kyu 給 sui 水 sha 車	Trak na nagdadala ng tubig	
kyu 給 sui 水 sei 制 gen 限	Limitado ang oras ng paggamit ng tubig sa gripo.	
kyu 給 sui 水 ba 場 syo 所	Lugar na namimigay ng tubig	
kyu 救 go 護 sho 所	Lugar na ginagamot ang mga nasugatan	
hi 被 sai 災 sha 者	Mga taong napinsala sa sakuna	
sei katsu so dan 生活相談	Maaaring magtanong tungkol sa mga suliranin sa pamumuhay	
ken ko so dan 健康相談	Maaaring magtanong tungkol sa suliranin sa kalusugan	
shoku ryo hai kyu 食糧配給	Ang pagpamahagi ng mga pagkain	
ta ki da shi 炊き出し	Ang pagluluto at pagpamahagi ng niluto	
go mi syu ゴミ収集	Ang pagkolekta ng mga basura	
gu ra n do グラウンド	Malawak na lugar sa labas na ginagamit sa pag-exercise at sa sports	
tai iku kan 体育館	Gusali para sa mga sports atbp.	
kou min kan 公民館	Gusali sa bayan na ginagamit ng mga mamamayan upang magkasamang mag-aral at magkipag-kaugnayan.	

Transportasyon (交通) k o u t s u	
un 運 kyu 休	Ang pagtigil ng serbisyo ng bus o tren sa anumang dahilan.
ke 欠 kko 航	Ang pagtigil ng serbisyo ng barko o eroplano sa anumang dahilan.
fu 不 tsu 通	Hindi maaaring daanan ang kalye
tsu kou do me 通行止め	Ang pagbabawal ng pagdaan sa isang kalye
unten o mi a waseru 運転を見合わせる	Ang pansamantalang pagtigil ng pagtakbo ng bus o tren dahil sa anumang dahilan.
o ri kae shi un ten 折り返し運転	Ang hindi pagpunta ng tren o bus sa patutunguhang at sa halip ay babalik sa pinangalingan dahil sa anumang dahilan.
do ro no kan botsu 道路の陥没	Ang pagkaroon ng malaking lubak sa kalye
u 迂 kai 回 ro 路	Ang paikot na daan na gagamitin upang makarating sa patutunguhan kapag sa anumang dahilan ay hindi madadaanan ang kalye.
tsu ko ki sei 通行規制	Ang paglagay ng limitasyon sa pagdaan sa isang kalye sa panahon ng panganib tulad ng sakuna.


May mga bayan na namimigay ng mapang (hazard map) nakalagay ang palagay na mangyayaring pinsala sa mga lugar at ang kinaroroonan ng mga silungan (lugar na maaaring mapuntahan upang sumilong) sa panahong magkaroon ng likas na sakuna. Tiyakin lamang sa inyong munisipyo.

Lindol

Ang Prepaktura ng Miyazaki ay isang lugar na nagkakaroon ng maraming lindol na nararamdaman.

Sa mapang ito, pinapakita ang mga lindol na nangyari mula taong 1600 na ang lakas ay mula magnitude (sukat ng lakas ng lindol ng nangyari) 6. Dalawang beses na nagkaroon ng malakas na lindol na mahigit pa sa magnitude 7.5 noong taong 1662 at 1968. Kasama nito ay nagkaroon ng tsunami (alon na nabubuo dahil sa lindol), may mga namatay at nasaktang mga tao.

Noon, sa dagat ng Hyuga, tuwing ilang sampung taon nagkakaroon ng lindol na mahigit magnitude 7 ang lakas, nagkakaroon din ng tsunami. Ngunit hindi na ito nangyayari mula noong lindol ng Agosto 7, 1984 (magnitude 7.1). Dahil dito, naiisip na naiipon ang malaking lakas upang magkaroon ng lindol sa bato sa paligid ng dulo ng plate sa bandang lupa ng dagat ng Hyuga, kaya pinapalagay na magkakaroon ng malaking lindol sa hinaharap.



At nag-aalala rin na may isa pang malaking lindol na mangyayari. Hindi naman ito sinasabi ng mga dalubhasa ngunit ito ay ang napakalaking lindol na maaaring mangyari sa labangan ng timog dagat na nagmumula sa look ng Shizuoka at Suruga na dumadaan sa dagat ng Shikoku hanggang sa dagat ng Hyuga.

Kung sakali man na ang napakalaking lindol na ito ay mangyayari, ipinapalagay na ito ay magnitude 9 at ang lindol sa Lungsod ng Miyazaki at Lungsod ng Hyuga ay nasa intensity 7 ang lakas ng uga. Kapag ito ay nangyari sa gitna ng taglamig sa gitna ng gabi, pinapalagay na sa pinakamalalang kaso ay 40 libong taong ang mamamatay sa Prepaktura ng Miyazaki dahil sa tsunami.

Itanong lamang sa tagapamahala ng samahan para sa pag-iwas ng sakuna sa inyong lugar kung nais malaman ng mga detalye tungkol sa lakas ng uga o taas ng tsunaming dumarating kapag nagkaroon ng malakas na lindol.

Sa Prepaktura ng Miyazaki may lindol din na naguumpisa sa parte ng lupain.

Ang litratong ito ay litrato ng nangyaring [Lindol ng Ebino] noong 1968. Malaking mga bahay ay nasira.

General Affairs Department, Fire and Disaster Prevention Division [Rekord ng Lindol ng Ebino] Prepaktura ng Miyazaki, taong 1969



Ang uga ng lindol at mga kalagayan (Buod)

Intensity 3 shin d o san 震度 3	Mararamdaman ng halos lahat ng tao sa loob ng gusali	Mahinang intensity 6 shin d o roku jaku 震度 6 弱	Mahirap na manatiling nakatayo. Karamihan sa mga kasangkapang hindi napirmi ng permanente ay gagalaw at matutumba. Maaaring hindi na mabuksan ang pinto.
Intensity 4 shin d o yon 震度 4	Halos lahat ng tao ay magugulat, dadayog ang mga ilaw na nakasabit, at matutumba ang mga bagay na hindi matatag ang tayo	Malakas na intensity 6 shin d o roku kyaku 震度 6 強	Hindi makakilos kung hindi gagapang. Maaaring kayo ay mapatilapon. Halos lahat ng mga kasangkapan na hindi napirmi ng permanente ay gagalaw at matutumba. May mga kahoy na gusali na mahina ang laban sa lindol na tatagilid o matutumba.
Mahinang intensity 5 shin d o go jaku 震度 5 弱	Karamihan sa mga tao ay matatakot, at nais na kumapit sa anumang bagay.	Intensity 7 shin d o nana 震度 7	Mas maraming mga kahoy na gusali na mahina ang laban sa lindol ang tatagilid o matutumba. Maaaring tumagilid ang mga kahoy na gusaling malakas ang laban sa lindol. Marami ring matutumbang mga gusaling semento na ang laban sa lindol ay mahina.
Malakas na intensity 5 shin d o go kyaku 震度 5 強	Mahirap maglakad na hindi nakakapit sa anumang bagay. Maraming mga pinggan o libro sa salansanan ang mahuhulog. Maaaring matumba ang mga kasangkapang hindi napirmi ng permanente. Maari ring masira ang pader na gawa sa hallow block na hindi napatibay.	Mula sa [Mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakapangalaga sa inyo] ng Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki	

May lindol! Sa oras na nangyari ito...

May lindol! Sa oras na nangyari ito...
Sa loob ng gusali



Magtago sa mga lugar tulad ng ilalim ng mesa at pangalagaan ang ulo.



Buksan ang labasan ng bahay.



Patayin ang mga apoy.




Huwag tumakbo palabas na nasisindak.


May lindol! Sa oras na nangyari ito...
Sa loob ng sasakyan



Huwag sindak na hinaan ang takbo ng sasakyan.



Patayin ang makina at pumunta sa kaliwa.



Iwanan ang sustina nakasaksak.



Bumaba sa sasakyan at tumakas na naglalakad.

May lindol! Sa oras na nangyari ito...
Kapag nasa bayan



Pangalagaan ang ulo.



Kapag nasa elevator, bumaba agad sa sunod na palapag.



Tumakas sa malawak na lugar.



Huwag lumapit sa mga kable ng elektrisidad na naputol.

Mag-ingat sa mga aftershocks (yoshin) (mga lindol na ilang beses dumarating)

Sa mga lindol na nagbibigay pinsala sa unang lindol (main shock), pagkatapos nito sa loob ng 1 linggo hanggang 10 araw (ang mga aftershocks ng malaking lindol ng silangang Japan ay tuloy-tuloy pa ring nangyayari kahit 2 taon na ang lumipas), mag-ingat lamang sa mga aftershocks (mga lindol na ilang beses dumarating). Huwag lumapit sa mga bahay na masisira na o sa mga matitirik na lugar.

Mahalagang Biglaang balita sa lindol (kinkyu jishin sokuho)

Ang mahalagang biglaang balita sa lindol ay balita tungkol sa lindol na ipinaaalam ng maaga bago dumating ang isang malakas na uga dahil sa lindol. Pag-isipan kung ano ang gagawin kapag nakakita o nakarinig ng mahalagang biglaang balita sa lindol upang makakilos sa kaunting panahon. Ilang segundo o mahigit 10 segundo lamang bago dumating ang malakas na uga mula ng makita o marinig ang biglaang balita.

Ipinapahayag kasama ang malaking tunog sa telebisyon o radyo, sa mga celfone na nakakatanggap ng biglaang balita o sa wireless na radyo ng pamahalaan ng pag-iwas sa sakuna, atbp. Sa panahon na tuluy-tuloy ang malakas na uga dahil sa lindol, pangalagaan ang sarili, kapag tumigil na ang uga saka lamang mahinahon na kumilos.

Tsunami

Ang tsunami ay ang alon na nabubuo dahil sa lindol. Malaki ang posibilidad na tatamaan ng malalaking tsunami at magkakaroon ng malaking kapinsalan ang mga lugar sa baybayin ng Prepektura ng Miyazaki na humaharap sa dagat ng Hyuga kapag nagkaroon ng lindol sa Hyuganada, lindol sa Nankai at lindol sa Tonankai, o kapag sabay-sabay mangyayari ang mga lindol na ito.

Ipinapalagay na kapag nagkaroon ng malaking lindol, tatamaan ng tsunami ang mga lugar sa baybayin ng Prepektura ng Miyazaki sa loob ng ilang minuto lamang, karaniwan mga 10~15 minuto.

Ang mga babalang inilalabas kapag nagkaroon ng lindol sa dagat at may panganib na magkakaroon ng tsunami.

	Ang palagay na taas ng tsunami		Ang dapat gawin
	Pahiwatig sa bilang (Batayan ng pahiwatig)	Ang ulat sa kaso ng napakalaking lindol	
Babala sa malaking tsunami otsunamikeiho 大津波警報	Mahigit 10 m (10 m < ang taas)	Napakalaki kyodai 巨大	Ang mga tao sa mga parteng baybayin at ang mga nasa tabi ng ilog ay dapat sumilong sa mga ligtas na lugar tulad ng mga matataas na lugar o gusaling silungan. Ang tsunami ay paulit-ulit na darating kaya hanggang mawala ang babala sa tsunami manatili lamang sa ligtas na lugar. Huwag isipin na ligtas na ang kinaroroonan, sikapin na makapunta pa sa mas mataas na lugar!
	10 m (5 m < ang taas ≤ 10 m)		
	5 m (3 m < ang taas ≤ 5 m)		
Babala sa tsunami tsunamikeiho 津波警報	3 m (1 m < ang taas ≤ 3 m)	Mataas taka i 高い	Umahon agad sa dagat, lumayo at huwag lumapit sa mga dalampasigan. Huwag lumangoy sa dagat o lumapit sa dalampasigan hanggang mawala ang babala sa tsunami.
Payo sa tsunami tsunamichuiho 津波注意報	1 m (20 cm ≤ ang taas ≤ 1 m)	Walang gagamiting ulat	

Mula sa Japan Meteorological Agency [Naiba ang babala sa tsunami]

Huwag nang lumigon! Huwag nang babalik! Huwag gamitin ang parehong kamay sa pagbitbit ng anuman! Huwag pumunta upang tignan ang dagat!

Kapag nakaramdam ng malakas na uga sa dalampasigan...




Kapag may lindol sa dalampasigan, pumunta sa [mas mataas na lugar] at hindi sa [mas malayong lugar]

Kapag nakarinig ng anunsyo o sirena na nagpapahiwatig ng babala sa tsunami...



Kapag nagkaroon ng babala sa tsunami, kahit walang nararamdamang uga ng lindol sumilong agad




May kasong ang tsunami ay umaagay sa ilog. Huwag na huwag kayong lumapit sa mga ilog.




Ang tsunami ay paulit-ulit na dumarating. Kahit na kayo ay nakatakas na huwag kayong magpabaya.

Kapag dumating sa dalampasigan...



Tiyakin ang lugar ng silungan at ang daan papunta doon.



Tiyakin kung papaano makakakuha ng impormasyon mula sa telebisyon, radyo, wireless na radyo ng pamahalaan ng pag-iwas sa sakuna, atbp, at mag-ingat sa mga impormasyon na masasagap.

Sa inyong karaniwang araw-araw na pamumuhay, laging tignan ang tsunami hazard map ng mga bayan sa bandang baybayin. Tiyakin kung saan ang silungan para sa tsunami! Ang palatandaan ay ang markang ito.



Mag-ingat sa tsunami

Lugar na malaki ang panganib na dadatnan ng tsunami kapag may lindol

Tsu nami chu i
津波注意



Silungan para sa tsunami

Ligtas na mataas na lugar na maaaring mapuntahan upang tumakas sa tsunami

Tsu nami hi nan ba syo
津波避難場所



Silungang gusali para sa tsunami

Gusaling maaaring mapuntahan kapag walang mataas na lugar sa paligid upang tumakas sa tsunami.

Tsu nami hi nan biru
津波避難ビル

Bulkan

Ang bansang Hapon ay isang bansang maraming bulkan. Para sa Prepaktura ng Miyazaki na nagkaroon ng napakalalang pinsala dahil sa pagputok ng bulkan Shinmoedake noong taong 2011, ang sakunang buklan ay isa sa mga likas na sakunang naging sanay na.

Sa Miyazaki, may grupo ng mga buklan na tinatawag na bundok Kirishima na nasa gitna ng Prepaktura ng Miyazaki at Kagoshima. Sa mga buklan dito ang Ohachi at Shinmoedake ay ilang beses nang pumutok.


Ang mga litratong ito ay ang kalagayan ng bayan ng Takaharu noong pumutok ang bundok Kirishima (Shinmoedake) noong Enero ~ Pebrero ng taong 2011.



(mula sa homepage ng munisipyo ng bayan ng Takaharu)

- Upang mapangalagaan ang sarili sa sakunang pagputok ng bulkan, ang mahalaga ay ang pagkuha ng tamang impormasyon.
- Tiyakin ang mga balita sa telebisyon at radyo, ang anunsyong inilalabas ng Meteorological Agency at ng munisipyo.
- Sa karaniwan na mga araw ninyo, tiyakin kung nasaan ang silungan.
- Sa oras na tatakas papunta sa silungan at kailangan maghanda, may pabatid mula sa munisipyo.
- Mabuti kung papapasukin ang umuulang abo at and **hampas ng hangin** sa loob ng gusali. Sa oras na may **hampas ng hangin** na dumadating lumayo lamang sa mga bintana at pintuan at maaaring mabasag ang mga salamin.

Ang hangin ay malakas na yumayanig sabay sa parang sumasabog na putok ng bulkan, ito ay mararamdaman hanggang sa malalayung lugar, hampas ng hangin (kushin) kung tawagin. Ang salamin ng bintana ay mangangatal na uga, maaaring mabasag ang mga salamin. Noong pagputok ng Shinmoedake noong taong 2011, ang mga salamin ng mga bintana sa malayong Lungsod ng Miyazaki ay nag-uugaan.



Kapag lumabas sa labas, pangalagaan ang lalamunan at mata sa abo ng bulkan sa paggamit ng maskara at google, at magsuot ng helmet o sombrero para mapangalagaan ang ulo sa mga binubuga ng bulkan na maliliit na bato ang laki.



Bagyo




Ang bagyo ay binubuo ng malakas na hangin at mga ulap na nagpapaulan ng malakas, ito ay sakuna ng hangin at ulan na nangyayari mula tag-init hanggang tag-lagas na tumutungo sa hilaga-silangan ng Bansang Hapon mula sa bandang timog. Nagkakaroon ng malaking sakuna taun-taon.

Sa Miyazaki, halos taun-taon nagkakaroon ng kapinsalaan dahil sa malakas na ulan ng bagyo. Ang [laki] ng bagyo ay kinakalkula sa radyos ng lugar na mula 15 m/s ang lakas ang hangin (ang sakop na lugar na malakas ang hangin).

Ang [lakas] naman ay binabatay sa pinakamabilis na hangin malapit sa sentro nito.

Sa lugar na malakas ang hangin (ang sakop na lugar na malakas ang hangin), karaniwan ang imiihip na hangin ay mula 25 m/s.

Ang gitna ng bagyo ay tinatawag na [mata ng bagyo], halos walang hangin o ulan sa loob ng [mata ng bagyo] ngunit malakas ang hangin at ulan sa paligid nito. Mag-ingat lamang hanggang lumampas ang bagyo.




Kapag ang bagyo ay pumunta sa direksyon (pana) na dumaan sa bandang kanluran ng Prepektura ng Miyazaki, dumadami ang pinsala ng ulan sa loob ng Prepektura ng Miyazaki. Mag-ingat lamang. Tignan ang direksyon ng punta ng bagyo at ang kinaroroonan ng bagyo sa ulat ng panahon.

Mula sa [Mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakapangalaga sa inyo] ng Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki

Sa pagbigay ng palagay na dadaanan ng bagyo sa ulat ng panahon, nilalabas ang susunod na 3 araw hanggang 5 araw na palagay ay daanan ng bagyo.

Gawin lamang bago dumating ang bagyo.



Mula sa [Mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakapangalaga sa inyo] ng Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki

Malakas na ulan

Sabay sa bagyo, ang nais ibabala ay ang malakas na ulan. Ang mga bagyo na dumarating sa Prepektura ng Miyazaki sa panahon ng tag-ulan sa Hunyo ~ Hulyo, sa Setyembre at Oktubre ay nagpapaulan ng malakas kung ihahabilin sa mga bagyo noong unang panahon.

Ang mga bagyo o malalakas na ulan sa panahon ng tag-ulan hanggang ngayon ay nagpapaulan ng maraming malalakas na ulan sa Miyazaki, umaapaw ang mga ilog, pumapasok sa loob ng bahay ang tubig at ang mga bundok ay gumuguho, malaking pinsala na nadudulot.



Ilog ng Oyodo (Lungsod ng Miyazaki)



Bayan ng Gokase

Mula sa [Mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakapangalaga sa inyo] ng Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki

- **Laging tignan ang bagong impormasyon sa telebisyon, radyo at internet mula sa Japan Meteorological Agency!**
- **Huwag pumunta sa mga mapanganib na lugar tulad ng ilog na tumataas ang tubig dahil sa ulan, bundok at matarik na mga dalisdis na maaaring maguho!**
- **Mahalaga na agahan ang pagsilong (pagtakas)! (Tignan ang pahina ③ para sa [Silungan])**

Paglumlalapit na ang dating ng sakuna, naglalabas ng pabatid ang munisipyo ng bayan para sa mga mamamayan upang sumilong (tumakas).

	Pahayag sa paghanda upang sumilong 避難準備情報	Umpisahan na ang paghanda sa pagtakas.
	Payo na sumilong 避難勧告	Tumakas kapag naramdamam na mapanganib na.
	Utos na sumilong 避難指示	Tumakas na at dumarating na ang mapanganib na kalagayan.

Ang utos na ito ay ipina-aabot sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, sasakyang nagdadala ng balita at sa wireless na radyo ng pamahalaan ng pag-iwas sa sakuna, ngunit may oras na nahuhuli ang dating ng impormasyon. Kapag sa palagay ninyo ay mapanganib na, kahit wala pang pabatid mula sa pamahalaan, pumunta na agad sa silungan (lugar na mapupuntahan upang sumilong). Kapag tumakas sa gabi, may pagkakataong mapanganib. Pag-isipan din na tumakas bago dumilim sa gabi.

Sakunang guho

Mahalaga ang maagang pagtakas upang mapangalagaan ang sarili sa sakunang guho!! (Tignan ang pahina na Silungan sa pahina ③)

Kapag nagkaroon ng sakunang guho, iba't-ibang mga palatandaan ang makikita. Kapag may nakitang [hindi karaniwan] na bagay, agahan ang pagsilong kahit na wala pang payo o utos upang sumilong.

Mula sa [Mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakapangalaga sa inyo] ng Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki

Palatandaan ng pagguho ng barangko



Unti-unting may nahuhulog na maliliit na bato mula sa barangko

May tubig na lalabas mula sa barangko

Magkakaroon ng bitak ang barangko

Palatandaan ng pagdaloy ng lupa at bato



Ang bundoy ay parang naghihinagpis at makakarinig ng [haluyhoy ng bundok].

Ang tubig ng ilog ay magiging maputik at may mga kahoy na kasamang umaagos

Bigla na lang na ang tubig sa ilog ay uunti

Palatandaan ng pagguho ng lupa



Magiging maputik ang tubig sa balon

Mabibyak ang lupa at malulubak

Ang tubig sa mga lawa at lati ay mag-iiba

Huwag lumapit sa mga mapanganib na lugar

Dahil sa ulan kapag umaapaw ang tubig minsan mahirap makita ang tabi ng mga maliliit na ilog o kanal sa tabi ng kalsada at maaari kayong mahulog. Madali rin magkaroon ng guho sa mga barangko at sa bundok. Huwag maging pabaya sa mga lugar na karaniwan ay inaakalang hindi mapanganib, mag-ingat lamang kapag lumapit sa mga lugar na ito.



Ano ang gagawin ninyo sa ganitong kaso?

Habang nagmamaneho ng sasakyan, bigla na lamang bumuhos ang napakalakas na ulan.

Hinaan ang takbo, kapag napasiyahang mapanganib magmaneho tiyakin na hindi mapanganib ang paligid at huminto sa tabi ng kalye.

Kapag baha na sa kalye at umaakyat pa rin ang tubig, bumaba sa sasakyan at tumakas na.

Kapag tumaas pa ang tubig, hindi na mabubuksan ang pintuan ng sasakyan dahil sa presyon ng tubig.

Mahalaga na agahan ang pagbaba sa sasakyan at pagtakas dahil hindi na mabubuksan ang pintuan sanhi sa presyon ng tubig kapag tumaas ng husto ang tubig.

- Sa mga malalaking sakuna na nangyayari sa bansang Hapon, may mga pagkakataong ang mga sundalo para sa pagtanggol ng bayan ang kumilos upang tumulong.

Kumuha ng bagong impormasyon sa ulat ng panahon sa telebisyon, radyo o internet!

Laging tignan ang telebisyon, radyo (FM, AM), internet atbp.

Malalaman ang mga impormasyon sa sakuna tulad ng bagyo sa araw-araw na ulat ng panahon.

Meteorological Agency Wikang Hapon <http://www.jma.go.jp/jma/index.html>
Wikang Ingles <http://www.jma.go.jp/jma/indexe.html>

Serbisyo ng impormasyon para sa pag-iwas sa sakuna at krimen sa email ng Prepaktura ng Miyazaki (sa wikang Hapon lamang)

URL : <https://www.fastalarm.jp/miyazaki/>

Kapag pumunta sa URL na ito gamit ang cellphone o computer at nagparehistro, ang sumusunod na mga impormasyon ay ipapadala sa inyo sa email.

- Impormasyon sa pag-iwas sa sakuna at krimen (ipapadala mula sa tanggapan ng Prepaktura ng Miyazaki, munisipyo, pulis at bombero)
- Impormasyon tungkol sa mga likas na sakuna

Buhawi

Ang prepaktura ng Miyazaki ay pangatlo sa mga prepaktura sa dami ng buhawi. Maraming mga buhawi ang nabubuo sa mapatag na mga lugar sa tabi ng dagat ng prepaktura. Karamihan ng buhawi sa Prepaktura ng Miyazaki ay dahil sa bagyo.

Ang litrato ay ang buhawi sa Lungsod ng Nobeoka noong Setyembre 2006 na natumba ang tren.

Kapag may palatandaan na paglapit ng cumulonimbus na ulap o ang hangin ay lumalakas, pumasok sa isang matibay na gusali at lumayo sa bintana, isiguro na ligtas ang paligid tulad ng pagsara ang kurtina.

Kapag ang mga sumusunod na kalagayan ay nangyayari, maaaring lumalapit sa inyo ang lumalaking cumulonimbus na ulap na nagpapaumpisa ng buhawi.



Pinagalingan ng litrato: Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki

- Lumalapit ang maitim na ulap at ang paligid ay biglang dumilim
- Umiihip ang malamig na hangin
- Naririnig ang kulog ng kidlat at namamatay ang ilaw
- Malalaki ang patak ng ulan o umuulan ng yelo

Paglumlalapit ang buhawi

kumilos agad upang mapangalagaan ang sarili!!



Mula sa [Mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na makakapangalaga sa inyo] ng Obserbatoryong Meteorolohiko ng Distrito ng Miyazaki

☎ 119 / Sunog / Emerhensya


Nasusunog ang bahay! Nakita kong nasusunog ang gusali! Nakita kong may nasusunog! Sa oras na ito...

- Malakas na boses na ipaalam sa mga kapit-bahay. ■ Kapag hindi lumabas ang inyong boses, mag-ingay na pumukpok ng balde o ano mang bagay na magbibigay ng malakas na tunog. ■ Daliang patayin ang apoy! Pero kung hindi kaya, tumakas agad! ■ Alamin ang paggamit ng pamatay sa apoy sa ginagawang pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna upang magamit ito kahit anong oras.

● Ang pagtawag sa 119 (Parehong numero kapag tumawag ng ambulansya) -----

- Huminga ng malalim upang huminahan bago tumawag.
- Makakatawag kahit sa celfone. Libre ang pagtawag.
- Magagamit ang bombero at ang ambulansya na libre. Kung magaang lang ang pinsala o sakit huwag gamitin ang ambulansya.

Tumawag sa 119 Mga bagay na dapat ipaalam



Kaji desu.
Sunog po
Watashi no ie ga moeteimasu.
Nasusunog po ang bahay ko!
Biru ga moete imasu.
Nasusunog po ang gusali!



Kyu kyu desu.
Emerhensiya po.
Kazoku ga taore mashita.
Natumba po ang kamag-anakko.
Kega wo shita hito ga imasu.
May taong nasugatan.

- 1 **Basyo wa 000000, 0000shi, 0000cho desu. Chikakuni 0000 ga arimasu.**
[Ang lugar po ay sa 0-00, bayan ng 00 sa Lungsod ng 00. May 00 malapit dito.]
(Sabihin lamang kung nasaan kayo at kung saan nangyayari. Sabihin din ang detalya ng pupuntahang gusali na malapit.)
- 2 **Watashi no namae wa 000000. Denwa bango wa 000-0000-0000 desu.**
[Ang pangalan ko po ay si 000. Ang telepono ko ay 000-0000-0000.]

● Kapag kayo ay nasunugan... -----

- Kapag tumatakas at makapal ang usok, babaan ang pustura at takpan ng tuwalya o anumang tela ang bibig at ilong.
- Unang patakas ang mga matatanda, mga sanggol at mga may sakit. Kapag nakatakas na, huwag nang bumalik upang kumuha ng anumang bagay.

☎ 110 / Aksidente / Pangyayari

● Ang pagtawag sa 110 -----

- Makakatawag kahit sa celfone. Libre ang pagtawag.
- Kapag tumawag sa 110, huwag tumawag na nasisindak, huminahan...humingi rin ng tulong sa mga taong malapit sa inyo. Mahalaga na ipaalam ninyo ang tamang impormasyon.

Mga bagay na dapat ipaalam



- 1 Ipaalam ano ang nangyayari sa inyo.
- 2 Ipaalam kung kailan nangyari.
- 3 Ipaalam kung saan nangyari

(Halimbawa) **Jiko desu.** (May aksidente po.)
Jiken desu. (May nangyari po.)
Dorobo desu. (May magnanakaw po.)

(Halimbawa) **000shi, 000cho desu.**
(Sa bayan ng 00 sa Lungsod ng 00 po.)